



## IKA-11 LINGGO MATAPOS ANG PENTECOSTES

Ika-20 ng Agosto 2017

### KAAYUSAN NG PAGSAMBA

#### PANIMULANG TUGTUGIN/PAGHAHANDA

Yamang naliligid tayo ng makapal na saksi, iwaksi natin ang kasalanan, at ang anumang balakid na pumipigil sa atin, at tayo'y buong tiyagang magpatuloy sa takbuhing nasa ating harapan. Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos. Isip-isipin ninyo kung gaano ang tiniis niyang paglaban ng mga makasalanan upang hindi kayo manlupaypay o panghinaan ng loob. Hindi pa humahantong sa pagdanak ng inyong dugo ang pakikipagtunggali ninyo sa kasalanan.

*Hebreo 12:1-4*

#### † AWIT NG PAGPUPURI

#### Kabanalbanalan

#### MASP # 199

Kabanal-banalan, makapangyarihan, sa buwang liwayway ikaw'y aawitan;  
Kabanal-banalan mahabagin tunay, tatlong Personang Dios na marangal.

Kabanal-banalan, pinupuring tunay, ang anghel sa langit iyo'y nagpupugay;  
Sa iyong paanan ay iniaalay puri, lualhati na walang hanggan.

Kabanal-banalan, kahit kadiliman, ang mata ng tao ay di ka masilayan;  
Tanging Ikaw lamang puspos kabanalan pagsinta'y sakdal na kalinisan.

Kabanal-banalan, makapangyarihan, lupa't langit, nagpupuri sa Iyong ngalan;  
Kabanal-banalan mahabagin tunay Tatlong Personang Dios na marangal.

## † TAWAG SA PAGSAMBA (Awit 40)

**Patnugot:** Mapalad ang taong may tiwala sa Diyos at sa diyus-diyusa'y hindi dumudulog; hindi sumasama sa nananambahan, sa mga nagkalat na diyus-diyusan.

**Kapulungan:** **Ikaw, Panginoon, ay walang katulad sa maraming bagay na iyong ginanap, kung pangahasan naming lahat ay sabihin nangangamba kaming mayroong maligwin.**

**Patnugot:** Ang mga panghandog, pati mga hain, at ang mga hayop na handang sunugin, hindi mo na ibig sa dambana dalhin, upang yaong sala'y iyong patawarin; sa halip, ang iyong kaloob sa amin ay ang pandinig namin upang ikaw'y dinggin.

**Kapulungan:** **Kaya tugon namin, kami'y naririto, nasa kautusan ang mga turo mo. Ang nais nami'y sundin Iyong kalooban, aming itatago sa puso ang aral.**

**Patnugot:** Ang pagliligtas mo'y aming inihayag saanman magtipon ang 'yong mga anak; di kami titigil ng pagpapahayag.

**Kapulungan:** **Ang pagliligtas Mo'y ipinasasabi, di naming inililihim sa aming sarili, pati pagtulong Mo't pag-ibig na tapat, sa mga lingkod Mo'y isinisiwalat.**

**Lahat:** Aming nalalamang di Mo puputulin, Yahweh ang Iyong pagtingin sa amin, wagas Mong pag-ibig at ang pagtatapat sa aming mga sarili'y siyang mag-iingat.

## † IMBOKASYON

**Patnugot**

## † TUGONG AWIT

### TAWAG SA PAGSISISI

**Patnugot:** Ito ang aming narinig sa kanyang anak, at ipinahahayag namin sa inyo: ang Diyos ay ilaw, at walang anumang kadiliman sa kanya. Kung sinasabi nating tayo'y kaisa niya, ngunit namumuhay naman sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay sa katotohanan. Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya'y nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan. Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan. Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilitin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid. (1 Juan 1:5-9) Sama-sama tayo ngayong humingi ng tawad sa Diyos at tumanggap ng kagalingan mula sa kanya.

(tahimik na sandali ng pananalangin at paghingi ng tawad ng bawat isa  
...sa saliw ng tugtugin...)

## KATIYAKAN NG KAPATAWARAN

**Pastor**

## **TUGONG AWIT Balita'y Ating Talos na Ligtas Kay Jesus MASP#105**

Balita'y ating talos, na ligtas, kay Jesus,  
Kagalaka'y isabog, na ligtas, kay Jesus;  
Sa bayan ito'y dalhin, bundok, dagat lakbayin,  
Sulong, sundin ang utos, at ligtas, kay Jesus.

Awitin nating lahat, kay Jesus, ay ligtas,  
Buong lupa'y magalak, kay Jesus, ay ligtas;  
Siya nga ang namatay, at naghandog ng buhay,  
Upang kamtan pangakong, kay Jesus, ay ligtas.

Tinig nati'y itaas, kay Jesus, ay ligtas,  
Balita, ay ikalat, kay Jesus, ay ligtas;  
Umawit ng tagumpay, dahil sa kaligtasan,  
Mabuhay at mamatay, kay Jesus, ay ligtas.

## **PANALANGIN NG BAYAN**

### **TUGONG AWIT NG (una at ikalawang saknong Si Kristo'y Aking Patnubay MASP # 38)**

Si Kristo'y aking patnubay ano pang kailangan?  
Bakit mag-aagam-agam sa pag-akay sa buhay;  
May dulot ng kaaliwan sa Kanya'y mananahan,  
Ano man ang pangyarihan Kanyang iniingatan.

Patnubay sa aking landas, habang daa'y may galak,  
May habag sa bawat hirap, may pagkaing masarap;  
Paghakbang ko ma'y malinsad mauhaw man ay ganap,  
Sa bukal ay matatanggap tubig na aking hanap.

### **† GLORIA PATRI**

### **† ANG PAGBASA NG BANAL NA KASULATAN**

### **† TUGONG SALITA**

Kapulungan: Salita Mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, liwanag na tumatanglaw sa landas kong daraanan. (Mga Awit 119:105)

## **MENSAHE SA AWIT**

## **SERMON/HOMILIYA**

## **TAWAG SA PAGHAHANDOG**

**Patnugot:** Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa, dito'y may naninirang kalawang, at may nakapapasok na magnanakaw. Sa halip, impukin ninyo ay mga kayamanan sa langit, doo'y walang naninirang kalawang, at walang nakapapasok na magnanakaw. Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan, naroon din naman ang inyong puso (Mateo 6:19-21). Halina't sama-sama nating ipagkaloob ngayon sa banal at dakilang Diyos, ang ating buong makakaya, mga ikapu at pangako, mga bunga ng pinagpagalan, at mga tinatangkilik. Higit sa lahat, italaga natin ang ating mga sarili bilang haing buhay, banal, at kalugud-lugod sa Panginoon para sa isang ganap at napapanahong pagmimisyon kay Cristo Jesus.

**(ang paglikom ng mga handog gagampanan ng mga Deacons,  
kasabay ang handog na awit.)**

### **† DOKSOLOHIYA**

### **† PANALANGIN NG PAGPAPASALAMAT**

**Patnugot**

### **† AWIT NG PAGTATALAGA      Sa Tana'y May Balitang Mainam      MASP # 278**

Sa tana'y may balitang mainam, upang puso'y liwanagan;  
Sa kasama'y pangsupil kapayapaa't ilaw; kapayapaa't ilaw.

KORO:

Ang dilim ay magliliwanag; at sa lupa'y itatatag  
Ni Cristo ang kaharian ng pag-ibig at liwanag.

Mayroong awit na aawitin, puso kay Cristo ay dalhin;  
Sa kasama'y pangsupil dudurog sa patalim; dudurog sa patalim.

Sa kalahatan ay may balita, Na ang Hari, sa itaas,  
Sinugong Anak ng liyag upang tayo'y iligtas; upang tayo'y iligtas.

Nagligtas ay ipakikilala, Hirap ang dinanas Niya;  
Ang kahirapa'y tinahak lahat ay nang maligtas; lahat ay nang maligtas.

### **† PANALANGIN NG PAGTATALAGA AT BENDISYON Pastor**

### **† TUGONG AWIT**

**Tatlong Amen**

## **SANDALI NG KATAHIMIKAN/RESESYUNAL**